SINO ANG MGA KWALIPIKADO

Sino ang kwalipikado para sa mga serbisyo ng Australian Hearing?

Mga bata at mga kabataang nasa hustong gulang

Ang mga bata hanggang sa gulang na 21 taon na mga mamamayan o pirmihang residente ng Australya ay kwalipikadong tumanggap mula sa Australian Hearing ng mga serbisyo ukol sa pandinig (hearing services) na ginagastusan ng gobyerno. Hindi nila kailangang kumumpleto ng pormularyo (application form).

Binibigyang pansin ng Australian Hearing ang mga batang may pirmihan o pangmatagalang panahong pagkawala ng pandinig. Kung walang palatandaan na ang isang bata ay namimiligro sa pirmihang pagkawala ng pandinig, o kaya ay hindi naman nangangailangan ng kasangkapang pantulong sa pandinig (hearing devices), karaniwang iminumungkahi namin sa pamilya na makipag-alam sa ibang ahensya para sa pagsusuri at pamamahala (testing and management).

Mga taong nasa hustong gulang

Ang mga taong nasa hustong gulang na kwalipikadong tumanggap ng mga serbisyo ng Australian Hearing ay kailangang mamamayan o pirmihang residente ng Australya , 21 taong gulang o higit pa, at kabilang sa isa sa mga sumusunod na kategoriya:

- Naghahawak ng Pensioner Concession Card
- Naghahawak ng Gold Reptriation Health Card ng Department of Veterans' Affairs
- Naghahawak ng White Reptriation Health Card ng Department of Veterans' Affairs na tumutukoy sa pagkawala ng pandinig
- Tumatanggap ng sustento dahil sa pagkakasakit (sickness allowance) mula sa Centrelink

Ang mga susmusunod na tao ay kwalipikado rin:

- sinusustentuhan ng isang taong kabilang sa isa sa mga kategoriyang binanggit sa itaas
- mga miyembro ng Australian Defence Forces
- mga kliyente ng CRS Australia (dating kilala bilang Commonwealth Rehabilitation Services) na ipinadala ng namamahala ng kanilang kaso (case manager) at ng tumitinging doktor.

Ang mga kwalipikadong tao na nasa hustong gulang sa mga nabanggit na kategoriya ay kailangang humingi ng voucher.

Maari ring tingnan ng Australian Hearing ang:

- lahat ng Katutubo (Aboriginal) at mga taga Torres Strait Island na 50 taong gulang at higit pa.
- Lahat ng Katutubo (Aboriginal) at mga taga Torres Strait Island na nakikilahok sa isang Community Development Employment Project (CDEP).
- Lahat ng Katutubo (Aboriginal) o mga taga Torres Strait Island na dating kalahok sa isang Community Development Employment Project Program sa pagitan ng 1 Disyembre 2005 at 30 Hunyo 2008.

Hindi kailangan ang voucher ng tatlong grupong ito. Upang malaman kung paano kayo makakahingi ng serbisyo, o para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 131 797. O kaya, maaari rin kayong tulungan ng inyong lokal na serbisyong pangkalusugan (local health service) na gumawa ng pakikipagtipan (appointment).